# Ang kailangan ninyong malaman tungkol sa Paxlovid

## Ano ang Paxlovid?

Ang Paxlovid ay isang sakit upang pigilan kang magkaroon ng sakit mula sa COVID-19.

Ito ay nagtataglay ng dalawang gamot (nirmatrelvir at ritonavir) na magkasamang gumagana upang pigilang kumalat ang COVID-19 virus sa loob ng iyong katawan.

Maaaring pigilan ng Paxlovid na lumala ang iyong mga sintomas at maaaring ibaba nito ang panganib na kakailanganin mong pumunta sa ospital para sa COVID-19.

**Hindi pipigilan ng Paxlovid na muli kang mahawa ng COVID-19.**

**Ang Paxlovid ay hindi panghalili sa pagbakuna. Ang pinakamahusay na depensa laban sa seryosong impeksyon ng COVID-19 ay manatiling napapanahon sa mga pagbakuna.**

## Sino ang dapat kumuha ng Paxlovid?

Maaari kang kumuha ng Paxlovid kung ikaw ay nasa malaking panganib na magkaroon ng matinding sakit mula sa COVID-19. Dapat mong simulan ang Paxlovid sa loob ng limang araw ng pagsisimula ng mga sintomas para mahusay na gumana ito.

Ang iyong panganib na magkaroon ng seryosong sakit ay batay sa iyong kalusugan, edad at katayuan sa pagbakuna.

Ang isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay makakapagsabi sa iyo kung ikaw ay nasa malaking panganib. Magagamit mo rin ang screener tool ng Ontario upang malaman kung ikaw ay maaaring nasa malaking panganib: **https://covid-19.ontario.ca/covid-treatment-screener**

Ikaw ay maaaring nasa mas malaking panganib kung ikaw ay:

- ✓ 60 o mas matanda;
- ✓ 18 o mas matanda at mahina ang panlaban sa sakit (may sistema ng panlaban sa sakit na pinahina ng mga kondisyon ng kalusugan o mga gamot);
- ✓ 18 hanggang 59 na taong gulang at maaaring walang sapat na panlaban sa COVID-19 (halimbawa, hindi ka bakunado, o anim na buwan na ang nakalipas mula nang iyong huling dosis ng bakuna o nagkaroon ka ng COVID-19)
- ✓ 18 hanggang 59 na taong gulang na may isa o higit na kondisyong medikal na inilalagay ka sa mas malaking panganib na magkaroon ng matinding COVID-19. Ang ilan sa mga kondisyong medikal na maaaring maglagay sa iyo sa mas malaking panganib na magkaroon ng COVID-19 ay:
    - kanser
    - cerebrovascular disease (halimbawa, stroke)
    - sakit sa bato
    - sakit sa atay
    - sakit sa baga
    - cystic fibrosis
    - diabetes
    - mga kapansanan
    - mga kondisyon ng puso
    - impeksyon ng HIV
    - partikular na mga karamdaman sa kalusugan ng isip
    - sobrang katabaan
    - pagbubuntis at bagong pagbubuntis
    - paninigarilyo (kasalukuyan o dati)
    - tuberculosis

**Makipag-usap sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan upang talakayin ang mga opsyon kung sa palagay mo ay nasa malaking panganib kang magkaroon ng seryosong sakit mula sa COVID-19.**

Ontario Health

## Sa palagay ko ay mayroon akong COVID-19. Paano ako dapat kumuha ng Paxlovid?

Maaari mong tingnan ang iyong mga sintomas dito: **covid-19.ontario.ca/exposed#symptoms**

Kung sa palagay mo ay nasa malaking panganib kang magkaroon ng seryosong sakit at may mga sintomas ng COVID-19, maaari mong:

- kontakin ang iyong parmasya (maraming pharmacist na maaaring magreseta ng Paxlovid)
- kontakin ang iyong primary care provider (doktor ng pamilya o nurse practitioner)

Maaari mo ring kontakin ang Health811 kung may mga tanong ka o nangangailangan ng tulong. Tumawag sa 811 o bisitahin ang **ontario.ca/health811** upang makipag-usap sa isang nars online.

Maaaring ikonekta ka ng Health811 sa isang virtual care consultation kung ito ay tama para sa iyo.

**Mahalagang makipag-usap sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa sandaling magsimula kang magkaroon ng mga sintomas.** Dapat simulan ang Paxlovid sa loob ng limang araw pagkatapos magsimula ang mga sintomas para mahusay na gumana ito.

Kung ikaw ay may matitinding sintomas, tumawag sa 911 o pumunta sa kagawaran ng emerhensiya. Ang matitinding sintomas ay kinabibilangan ng:

- paghihirap huminga
- pananakit ng dibdib
- pagkawala ang malay
- pagkalito

## Anong impormasyon ang kailangan kong dalhin kapag makikipag-usap sa aking tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa Paxlovid?

Kapag makikipag-usap ka sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, dapat kang magdala ng:

- isang listahan ng mga gamot na ginagamit mo, kabilang ang mga inirereseta at hindi inirereseta, mga bitamina, at mga suplementong halaman
- isang listahan ng iyong mga kondisyong medikal
- isang kopya ng anumang bagong bloodwork, kung maihahanda mo ito

Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang mga alerhiya, sakit sa atay o bato, o kung ikaw ay buntis, nagpapasuso o gumagamit ng hormonal birth control (tulad ng mga birth control pill o patch).

## Kailangan ko bang sumailalim sa pagsusuri para sa COVID-19 upang makakuha ng Paxlovid?

Kakailanganin mo ng isang positibong pagsusuri para sa COVID-19 upang makakuha ng Paxlovid. Ito ay maaaring isang PCR, rapid molecular test, o rapid antigen test (kahit na ito ay ginawa sa bahay).

**Hindi mo kailangang magkaroon ng isang positibong pagsusuri bago makipag-usap sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa Paxlovid.** Tutulong sila sa iyo na kumuha ng pagsusuri kung kailangan mo nito.

## Libre ba ang Paxlovid?

Libre ang Paxlovid sa pamamagitan ng reseta mula sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi mo kailangan ng isang OHIP card upang makakuha ng Paxlovid.

## Paano ginagamit ang Paxlovid?

Ang Paxlovid ay iniinom (o ginagamit sa pamamagitan ng bibig) nang dalawang beses sa isang araw para sa limang araw.

Ang Paxlovid ay nakapakete na may dosis sa umaga at dosis sa gabi. Bawat dosis ay kinabibilangan ng 2 tablet ng nirmatrelvir (mga pink tablet) at 1 tablet ng ritonavir (white tablet).

Ang mga taong may sakit sa bato ay maaaring resetahan ng mas mababang dosis.

Dapat mong inumin ang lahat ng tatlong pang-umagang tablet nang magkakasabay at lahat ng tatlong panggabing tablet nang magkakasaby para sa buong 5 araw. Ang Paxlovid ay maaaring inumin nang may kasama o walang kasamang pagkain.

Kung nakaligtaan mo ang isang dosis ng Paxlovid at ito ay sa loob ng 8 oras na karaniwang iniinom ito, inumin ito sa sandaling matandaan. Kung nakaligtaan mo ang isang dosis nang higit sa 8 oras, laktawan ang nakaligtaang dosis at inumin ang dosis sa iyong regular na oras. Huwag uminom ng 2 dosis ng Paxlovid (6 na tablet) nang magkakasabay.

Laging inumin ang Paxlovid sa eksaktong paraan na sinabi ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

**Ikaw ay nakakahawa pa rin habang umiinom ng Paxlovid at dapat sumunod sa mga hakbang para sa kalusugan ng publiko upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon.** Basahin dito ang tungkol sa mga hakbang para sa kalusugan ng publiko: **https://www.ontario.ca/page/public-health-measures-and-advice**

## Ano ang mga posibleng side efffect o di-hangad na epekto ng Paxlovid?

Maaari mong maranasan ang mga sumusunod na side effect habang umiinom ng Paxlovid:

- mga pagbabago sa panlasa
- pagtatae
- mataas na presyon ng dugo
- mga pananakit ng kalamnan
- sakit ng tiyan
- alibadbad
- masama ang pakiramdam sa pangkalahatan

Maaari kang makapansin ng ibang mga side effect. Makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay may mga side effect na bumabalisa sa iyo o hindi nawawala.

Ang ibang bihira pero posibleng mga side effect ng Paxlovid ay:

- **Mga reaksyong alerhiya.** Itigil ang pag-inom ng Paxlovid at tawagan agad ang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung nagkaroon ka ng alinman sa mga sumusunod na sintomas ng isang reaksyong alerhiya: makakating lugar sa iyong balat (mga pantal), nahihirapang lumunok o huminga, namamagang mga labi, o dila, paninikip ng lalamunan o pamamalat.
- **Mga problema sa atay.** Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay may alinman sa mga ganitong palatandaan at sintomas ng mga problema sa atay: naninilaw na balat o mga mata (jaundice), hindi pangkaraniwang malabo o maitim na ihi (pee), bagong pananakit sa kanang bahagi ng iyong tiyan.
- **Paglaban ng katawan sa mga gamot sa HIV.** Kung ikaw ay may hindi ginagamot na impeksyon ng HIV, ang Paxlovid ay maaaring maging dahilan upang ang ilang gamot sa HIV ay hindi rin gumana sa hinaharap.

## Maaari ba akong uminom ng Paxlovid habang umiinom ng ibang mga gamot?

Ang Paxlovid ay maaaring may interaksyon sa maraming karaniwang ginagamit na mga gamot at suplemento. Ang isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (halimbawa, isang pharmacist) ay maaaring gumawa ng mga pagbabago sa ibang mga gamot mo upang ligtas kang gumamit ng Paxlovid.

Ang Paxlovid ay maaari ring makaapekto sa paggana ng birth control. Dapat kang gumamit ng ibang paraan ng contraception (halimbawa, mga condom o pag-iwas sa pakikipagtalik) habang umiinom ng Paxlovid.

## Ano ang dapat kong gawin kung lumala ang aking mga sintomas ng COVID-19?

Kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung hindi bumuti ang iyong pakiramdam o kung lumala ang nararamdaman mo pagkaraan ng 5 araw.

Kung magkaroon ka ng matitinding sintomas, tumawag sa 911 o pumunta sa kagawaran ng emerhensiya. Ang matitinding sintomas ay kinabibilangan ng:

- paghihirap huminga
- pananakit ng dibdib
- pagkawala ang malay
- pagkalito

Ang impormasyong ito ay tama simula noong Enero 2023.

**Kailangan ng impormasyong ito sa isang format na madaling makuha?**
1-877-280-8538, TTY 1-800-855-0511, info@ontariohealth.ca

Publication No. 301227 (Tagalog)
ISBN No. 978-1-4868-6858-2 (PDF)
© King’s Printer for Ontario, 2023